## Mga Kopya ng mga Kinakailangang Dokumento

- Mga dokumento na nagpapatunay ng pagkakakilanlan ng aplikante at lahat ng mga miyembro ng sambahayan (kung nagsusumite ng aplikasyon sa personal, maaaring piliing gumawa ng mga orihinal na kopya sa mga yunit ng serbisyo)
- Mga resibo ng upa sa mga umuupa ng akomodasyon sa pribadong pabahay, mga gusaling pang-industriya, gusaling komersiyal o panlipunang pabahay (kung aplikable)
- Patunay na dokumento ng pagtira sa mga hostel/kanlungan (kung aplikable)
- Patunay na dokumento ng bank account (kung aplikable)

## Application Form at Maikling Pabatid sa Programa

- Available sa mga Opisina ng Panlipunang Kapakanan sa Distrito ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan, mga Sentro ng Pagtatanong ng mga Usaping Panloob ng mga Opisina sa Distrito, mga Sentro ng Serbisyo ng Suporta para sa mga Etnikong Minoridad, mga yunit ng serbisyo na nagpapatupad sa programa o sa website ng Pondo sa Pangangalaga ng Komunidad

**HOTLINE NG PAGTATANONG** Enquiry Hotline
**2180 6666**

**Website**
**www.communitycarefund.hk**

* Ang listahan ng mga yunit ng serbisyo ay mayroon sa maikling pabatid sa programa at website ng Pondo sa Pangangalaga ng Komunidad

Tagalog



**PANAHON NG APLIKASYON**
Application Period

**4•1•2021 hanggang 31•5•2021**
(ayon sa mga yugto
by phases)

# Pondo sa Pangangalaga ng Komunidad

## Community Care Fund

**Subsidyo sa Pamumuhay para sa mga Sambahayan sa Hindi Pampublikong Pabahay at Hindi CSSA ng 2021**

Living Subsidy for Non-Public Housing and Non-CSSA Households (2021)



## Mga Pamantayan sa Pagiging Karapat-dapat

- Umuupa ng akomodasyon sa pribadong pabahay, mga gusaling pang-industriya, gusaling komersiyal o panlipunang pabahay sa buwanang basehan (o sa mas mahabang pagtira); o umuupa ng mga bedspace na inaalok sa ilalim ng Singleton Hostel Programme ng Kagawaran ng mga Usaping Panloob o mga bedspace ng mga hostel na ibinibigay ng mga organisasyon na hindi pamahalaan para sa mga lumabag sa batas na sumailalim na sa rehabilitasyon; o nakatira sa pansamantalang pabahay o mga sasakyang dagat; o ang walang bahay
- Hindi tumatanggap ng Comprehensive Social Security Assistance; at hindi nagmamay-ari ng anumang mga ari-arian sa Hong Kong
- Karaniwang buwanang kita ng sambahayan sa nakaraang 3 buwan ay hindi dapat lumampas sa mga tinukoy na limitasyon; at para sa mga umuupa ng akomodasyon sa pribadong pabahay, mga gusaling pang-industriya, gusaling komersiyal o panlipunang pabahay, ang kanilang karaniwang buwanang upa na ibinabayad sa nakaraang 3 buwan ay hindi dapat lumampas sa mga tinukoy na limitasyon ng upa. Ang naaayong tinukoy na kita at limitasyon ng upa ay tulad ng sumusunod:

| Laki ng sambahayan (katao) | Limitasyon ng kita ng sambahayan ($) | Limitasyon ng upa ng sambahayan ($) (kung aplikable) |
|---|---|---|
| 1 | 15,100 | 7,550 |
| 2 | 22,000 | 11,000 |
| 3 | 26,800 | 13,400 |
| 4 | 33,500 | 16,750 |
| 5 | 36,900 | 18,450 |
| 6 o pataas | 40,800 | 20,400 |





## Subsidyo

| | |
|---|---|
| **$4,500** | **para sa 1 kataong sambahayan** |
| **$9,000** | **para sa 2 kataong sambahayan** |
| **$12,500** | **para sa 3 kataong sambahayan** |
| **$14,500** | **para sa 4 kataong sambahayan** |
| **$15,500** | **para sa 5 o higit pang kataong sambahayan** |

## Pamamaraan ng Aplikasyon

- Mga benepisyaryo sa ilalim ng Programang “Subsidyo sa Pamumuhay para sa mga Sambahayan sa Hindi Pampublikong Pabahay at Hindi CSSA” (2020) ay tatanggap ng liham ng abiso na inilabas ng CCF Secretariat sa panahon ng Enero at Mayo 2021. Kinakailangan lang nilang ibalik ang nakalakip na reply slip upang kumpirmahin ang pagiging karapat-dapat sa deadline na tinukoy sa liham.

- Ang mga bagong aplikanteng sambahayan ay dapat magsumite ng mga application form (kasama ang mga kinakailangang dokumento) sa personal o sa pamamagitan ng koreo sa mga yunit ng serbisyo* na tumutulong sa pagpapatupad ng programa ayon sa laki ng sambahayan:

| | |
|---|---|
| **Mula 4 Ene 2021:** | **1 kataong sambahayan** |
| **Mula 1 Peb 2021:** | **2 kataong sambahayan** |
| **Mula 1 Mar 2021:** | **3 kataong sambahayan** |
| **Mula 1 Abr 2021:** | **4 o higit pang kataong sambahayan** (iyan ay, lahat ng mga sambahayan) |